

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Naghahanap ang Lungsod ng mga lumilitaw na talent para mag-perform sa isa sa nangungunang mga festival ng musika sa Canada**

### ***Maging bahagi ng This is Brampton @ NXNE!***

BRAMPTON, ON (Marso 6, 2020) – Tinatawag ang lahat ng paparating na mga musikero sa Brampton!

Iniiimbitahan ng Lungsod ang lokal na talent na mag-aplay para mag-perform sa *This is Brampton* sa 2020 North by Northeast (NXNE) festival. Ang parte ng NXNE Club Land Series, na *This is Brampton @ NXNE* ay isang inorganisang showcase ng umaangat na eksena sa musika ng Brampton sa The Drake Hotel (1150 Queen Street West, Toronto) na magaganap sa Biyernes, Hunyo 19, 2020.

Ang mga matagumpay na aplikante ay babayaran para sa kanilang performance, magkakaroon ng pagkakataon na mag-perform sa iconic Drake Hotel, itatampok sa NXNE marketing material at tatanggap ng passes sa lahat ng NXNE Curator Series + Interactive Sessions.

Ang mga lokal na musikero at mga banda sa lahat ng genre ay maaaring bumisita sa [www.brampton.ca/NXNE](http://www.brampton.ca/NXNE) para sa mas maraming detalye nitong natatanging pagkakataon. Kinakailangan sa mga artist na magbigay ng link sa kanilang mga recording sa musika at mga live performance. Rerebyuhin ng isang panel ng mga artist ng Brampton at mga eksperto sa industriya ang mga isinumite at pipili ng hanggang limang matagumpay na kandidato. Ang deadline ng aplikasyon ay Marso 31. Ang talaan ng napiling mga artist ay iaanunsyo sa Abril 20.

Ito ang ikatlong taon na lumalahok ang Lungsod sa NXNE Club Land Series, na inorganisa ng nangungunang mga musikero sa Canada, mga lider sa industriya at mga samahan. Sa 2019, ang *This is Brampton @ NXNE* ay nagpresenta sa mga artist ng Brampton na sina Zenesoul, Kae Music, Reeko Rieffe, Noyz Ft. Tremayne at Scotty IV. Sa 2020, ang festival ay magtatampok sa higit sa 40 palabas sa ilang nangungunang venue ng Toronto.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa *This is Brampton @ NXNE*, bumisita sa [www.brampton.ca/NXNE](http://www.brampton.ca/NXNE).

**Mga Quote**

“Ipinagmamalaki ng Brampton ang eksena sa sining at kultura, at ipinagmamalaki ng Lungsod ang pagsuporta sa iba’t ibang talent nito. Tayo ay isang Lungsod ng Oportunidad at ang *This is Brampton @ NXNE* ay talagang isang kamangha-manghang oportunidad para sa mga lokal na musikero na umakyat sa entablado ng isa sa mga nangungunang festival sa musika ng Canada.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay may mayamang cultural landscape, at ikinagagalak ang pagpapakita ng ating paparating na mga lokal na manlilikha para sa ikatlong sunod-sunod na taon sa NXNE. Ang *This is Brampton* ay nakatulong sa pagpapaangat ng profile ng ating mga lumilitaw na artist, ginagawang malinaw na ang Brampton ay tahanan ng talent na mas nagpapaaliw sa mga aktibidad sa gabi at nagbebenta sa mga konsyerto.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal 1 & 5 at Vice-Chair ng Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)